Occupational Therapy

# Pngangalaga sa Kalusugan ng Stroke

Otoridad ng Ospital

Komite ng Nagsasaayos - Antas(Occupational Therapy)

Grupo na Nagtatrabaho sa Stroke


Copyright © 2023 Hospital Authority. All rights reserved

Pngangalaga sa Kalusugan ng Stroke

## Occupational Therapy

Tumutulong ang mga occupational therapists sa mga pasyente ng stroke na mapagtagumpayan ang mga pisikal na hadlang dulot ng stoke sa pamamagitan ng iba’t ibang uwi ng propesyunal na pagtatasa, pagsasanay, at pagtulong. Nagsisikap rin sila na mahayaan ang mga pasyente na mabuo ang kanilang mga kalakasan, bumalik sa pang-araw araw na pamumuhay, trabaho at ang komunidad, at gawin ang lahat ng makakaya nila upang mapaunlad ang kalidad ng kanilang buhay, harapin ng positibo ang buhay, at magkaron ng makabuluhang buhay.


Copyright © 2023 Hospital Authority. All rights reserved

## Antas ng mga Serbisyo

### Pagtatasa ng Kasanayang Alagaan ang Sarili ang Pagsasanay

Kabilang dito ang pagtatasa ng kasanayang alagaan ang sarili pagkatapos ang stroke at magbigay ng mga naaangkop na pagsasanay, tulad ng kung paano gamitin ang apektadong bahagi o tulong gamit ang isang kamay lamang upang makakain, maglinis, magbihin, gumamit ng banyo (pagdumi) at paliligo.

### Pagtatasa ng Kasanayan sa Pamumuhay Pantahanan at Pagsasanay

Magtatasa ang therapist at sasanayin ang abilidad ng pasyente sa pamamagitan ng nakahanda nang mga pasilidad at pang-araw araw na aktibidad sa tahanan tulad ng pamimili, pagluluto, at paglilinis ng bahay.

### Pagtatasa ng Pandama at Pagsasanay

Susuriin ng therapist ang abilidad ng pasyente upang makilala ang iba’t ibang pandama pagkatapos ng stoke, kabilang na ang pandama, paningin, pakikinig, pang-amoy at panlasa. Kabilang sa pagsasanay ay ang mga mungkahi na gamitin ang iba pang paggana ng pandama upang makatulong sa mga pangangailangan ng pang-araw araw na pamumuhay sa mga hindi magandang sitwasyon, upang mabawasan ang tsansa ng pinsala.


Copyright © 2023 Hospital Authority. All rights reserved

## Mga Aktibidad sa Pagsasanay

Magsasaayos ang therapist ng iba't ibang therapeutic na aktibidad para sa pasyente, na tumutuon sa antas ng paggalaw, lakas, at koordinasyon ng mga duktungan ng katawan, upang mapaghusay ang pang-araw araw na pamumuhay ng mag-isa.

## Pagtatasa ng Mental na Abilidad at Pagsasanay

Susuriin ng therapist ang kakayahan sa kamalayan at memorya ng pasyente pagkatapos ng stroke at magsaayos ng iba't ibang pagsusuri sa kamalayan at memorya ng pasyente. Ang mga pasyente ay inaatasan ding gumamit ng kompyuter upang magsanay ng kanilang mga pag-iisip. Ang mga pasyente ay pinapayuhan ring gumamit ng mga notepad, timetable, mga kalendaryo, alarm clock, at mga iskedyul ng araw araw na abilidad upang matulungan sila sa araw araw na aktibidad.

## Pagtatasa sa Abilidad Magtrabaho at Pagsasanay

Magsasaayos ang therapist ng iba't ibang mga pagtatasa para saiba't ibang kalakalan, tulad ng paggamit ng mga kagamitang de-kompyuter, mga nakasaayos na kapaligiran sa trabaho, at mga proseso upang masuri ang abilidad ng pasyenteng magtrabaho Ang resulta ng pagtatasa ay ginamit upang magkaron ng naaangkop na pagsasanay at mga programa ng pagtrabaho upang maibalik ang interes ng pasyente sa pagtatrabaho at magkabuo ng magandang Gawain sa trabaho upang makabalik sa trabaho ang pasyente.


Copyright © 2023 Hospital Authority. All rights reserved

Magkakaron ang therapist ng praktikal na intindihan ng mga kahirapang naranasan ng pasyente, tulad ng kondisyon sa buhay, lokal na pagbiyahe, at mga pasilidad sa komunidad, at magbigay ng on-the-spot na pagsasanay ng kasanayan at gabay. Sa parehong panahon, inirerekomenda ang pagpapaganda sa tahanan at komunidad sa mga pasyenteng nangangailangan o sa mga naaangkop na mga departamento upang mabuhay sila sa ligtas at kaaya – ayang kapaligiran. Sa kabilang banda, gagawin nila ang lahat ng makakaya nila upang maintindihan ang mga problemang naranasan ng miyembro ng kanilang pamilya habang nag-aalaga para sa mga pasyente, at pagkatapos ay magbugay ng naaangkop na kasanayan sa pag-aalaga at pagpapayo upang mabawasan ang stress ng miyembro ng kanilang pamilya.



Copyright © 2023 Hospital Authority. All rights reserved